

# 1

“What’s this?” tukoy ni Uno sa inilapag niyang papel sa harap nito. As usual, salubong ang mga kilay nito at walang kangiti-ngiti sa mga labi. Subalit hindi iyon nakabawas sa angkin nitong kaguwapuhan. Kahit galit ito sa ngiti ay kapansin-pansin ang hitsura nito. Uno was the ample example of the word hot, sexy, yet dangerous. Mula sa prominente nitong jawlines na umangkop sa matangos nitong ilong hanggang sa maiitim nitong mata. Bulag lang ang magsasabing pangit ito.

Pinilit ni Hannah ang sariling huwag ma-distract sa mga nakikita. Dapat ay immune na siya.

“Resignation paper ko,” taas-noong sagot niya. Kung ang ibang empleyado roon ay takot dito, hindi siya. Halos tatlong buwan na siyang nagtatrabaho bilang sekretarya cum assistant nito at alam na niya kung paano harapin ang mala-bulkang pagwawala nito kapag mainit ang ulo. Ang technique, lalo itong galitin. She grinned inwardly at the thought.

Tatlong buwan na ang nakalilipas nang maglayas siya sa kanila at nagpasyang lumuwas ng Maynila. Dahil ubod ng lakas ang loob niya ay nakipag-eyeball

siya sa chatmate niyang si Cuatro, na nagkataong kapatid ni Uno. Nakilala at naging nobyo niya ito online at pakiramdam niya ay in love naman siya sa binata. Sa libro at sa mga kuwento lang kasi niya naririnig ang salitang 'love' at masaya siya kapag kausap niya si Cuatro, naaliw siya. Ito rin ang nagpasok sa kanya bilang assistant ni Uno sa *Yakovitch Technologies*, ang kompanyang pagmamay-ari ng pamilya nito.

Matapos siyang tapunan ni Uno ng isang nakamamatay na tingin ay binalingan nito ang papel at bale-walang pinunit. Ibinalik nito iyon sa kanya at iwinagayway ang kamay bilang pagtataboy sa kanya.

“Ipagtimpla mo ako ng kape. At i-type mo na ang mga idinikta kong letter para sa meeting bukas. Then bring in the research I’m asking for,” utos nito.

Umismid siya. “Ayoko nga. Kaya nga ako nagre-resign dahil ayaw ko nang magtrabaho dito. Ayaw na kitang maging boss at ayaw na kitang makita sa araw-araw ng buhay ko,” litanya niya.

And she knew that she was being a brat but she didn't care. Pero sa lahat ng kanyang sinabi ay sa pinakahuli kumontra ang puso niya. Ang tanging konsolasyon niya kapag nagagalit ito ay ang mala-Adonis nitong katawan at mukha kaya bakit naman niya hindi gugustuhing makita ito?

*Neveh!*

“Who says na gusto din kitang makita? Saka ganyan bang sumagot ang secretary sa kanyang boss?” balik nito.

*Aray naman!* Tila may kumurot sa puso niya sa sinabi nito, ngunit pinilit niyang isinantabi iyon. Nobyo niya ang kapatid nito at hindi tamang pagnasaan pa niya ang lalaki sa kanyang harapan.

“Kung gan'on, bakit mo pinunit ang resignation letter ko?”

“Dahil wala akong panahong humanap ng kapalit mo. Maaaksaya ang oras ko at ayaw kong magalit sa akin si Cuatro. Time for me is so precious, Hannah.”

Napasimangot siya. Malabong magalit ang nobyo niya. Ito na nga yata ang pinakamabait na taong nakilala niya. Bukod sa hindi nito sinamantala ang pagiging probinsyana niya ay tinulungan pa siya nitong humanap ng matitirhan matapos ang isang buwang pananatili sa bahay ng kaibigan niya sa Quezon City.

“Ako ang magpapaliwanag sa kanya pagbalik niya galing sa tour. Hindi siya magagalit.”

Vocalist ng isang sumisikat na banda si Cuatro.

At siya ang nag-udyok dito na magtayo ng banda dahil narinig niya kung gaano kaganda ang tinig nito at talaga namang may potensyal ito sa larangang iyon. Sa palagay niya ay iyon ang naging simula ng pagiging magkaaway nila ni Uno. Dahil para sa huli ay masama siyang impluwensya sa kapatid nito. Ayon dito, kung hindi siya nakilala ni Cuatro ay mananatili itong tumutulong sa negosyo ng pamilya at hindi pagbabanda ang inaatupag.

“Tataasan ko ang sahod mo,” putol nito sa katahimikang namamagitan sa kanila.

Napaisip siyang bigla sa sinabi nito. *Increase? Hmm... think, Hannah, think.*

“Magkano?” Hindi siya gahaman sa pera, kaya lang ay talagang gipit siya nang mga panahong iyon. Nag-abut-abot ang bills niya sa kuryente, tubig, cable at renta ng apartment bukod pa sa araw-araw na pagkain niya.

Sa edad na beinte-seis ay noon lang niya naranasang mamuhay nang mag-isa and it was not that easy. Iniwan niya lahat ng credit cards niya at ang inipong pera lang ang talagang dinala niya nang maglayas siya. Hindi kalakihan iyon kaya unti-unti nang nauubos.

“Kung magkano ang gusto mo.”

“Really?” Ngumisi siya. *Samantalahin ang pagkakataon.* “One thousand every cut-off. Walang tax.”

“Fine,” mabilis na pagpayag nito, walang angal at pagtutol.

Napamaang siya. Ganoon ba talaga ka-generous ang mga Yakobovitch?

“Ngayong may increase ka na, ipasok mo na ang kape ko at sundin mo na lahat ng utos ko.”

“Okay, Boss Uno, sabi mo, eh.” *Naku, kung hindi ka lang talaga guwapo, nunca kitang pagtitiisan!* Kaagad niyang sinawata ang malanding puso sa naiisip. Maging siya ay nahiya sa biglang sumagi sa utak. Dapat niyang tandaan na nobyo niya ang kapatid nito.

Pahaklit na kinuha niya ang pinunit nitong papel. “Nerbyusin ka sana nang bonggang-bongga sa kaiinom mo ng kape,” bulong niya sa mahinang-mahinang tinig.

Iyon lang at lumabas na siya ng opisina nito. Sa tantya niya ay hindi lang tatlong beses itong nagpapatimpla ng kape sa kanya sa loob ng isang

araw. Samantalang siya ay kinakabog na nang sobra kapag lumabis sa dalawang tasa ng kape ang naiinom.

“Sayang naman ang English ko,” aniya habang tinitingnan ang sulat sa basurahan. Makailang ulit na yata siyang nag-abot ng resignation letter dito at ilang ulit na ring basurahan ang nakikinabang doon. At sa tuwing mangyayari iyon ay isa lang ang kinauuwian; may suhol ang binata para huwag niyang tuluyang iwan ang posisyon. Benefits at kung anu-ano, na pinapatulan naman niya. Gusto na nga niyang isipin na sa kabila ng pagiging masungit nito ay galante ito sa mga empleyado.

Roi Jakobovitch, also known as Uno, was the eldest among the four boys of the Jakobovitch married couple. His family owned the *Yakobovitch Building* that housed all of the businesses—ang *Yakobovitch Technologies*, ang *Ryabinov Multi-Media Company* at ilan pang negosyo ng pamilya. His mom and dad were of mixed parentage; his father was half-Russian, half-Filipino; while his mom was half-Spanish, half-Filipino. Bawat isa sa kanilang mga magkakapatid ay may angking personalidad at karisma. Si Rayne o Dos ay charming, si Raz o Tres ay makulit at ubod ng talino, si Ram o Cuatro naman ay ubod ng pagkamaalalahanin at sweet. Maybe the kindest man she knew. Tinamad na yatang bigyan

ang mga ito ng matinong palayaw kaya nagbilang na lang ang mga magulang nito with Spanish touch.

At si Uno lang yata ang pinagkaitan ng kagandahang-asal dahil ubod man ito ng guwapo ay ubod din ito ng sungit. Ni hindi pa niya ito nakikitang ngumiti. Ngunit sa palagay niya ay naging daan pa ang kasungitan nito para mas lalong lumitaw ang kaguwapuhan. Matangkad na siya sa height niyang five foot six inches, pero kapag katabi niya ang binata ay nagiging maliit siya. Uno stood six feet, well-built ang katawan, makakapal ang kilay nito at maiitim ang mata. Kaya nga siguro maraming natatakot dito ay dahil na rin sa mga matang iyon. But instead of being afraid, she kind of liked his eyes.

Napangiti si Hannah nang maalala ang hitsura nito kapag nagagalit. Namumula kasi ito at parang nagiging hawk eye ang mga mata. Fierce yet sexy. Sexy?

*Ay, mali. May boyfriend pala ako.*

And speaking of Cuatro, kanina pa pala nagbavibrate ang cellphone niya sa kanyang lamesa. Kung bakit ba kasi hahara-hara ang mukha ni Uno sa balintataw niya.

“Hello.”

“Hi, Hannah! Kamusta?” sagot nito sa kabilang linya.

Napangiti siya nang madinig ang masiglang tinig ng nobyo. Noong una niyang makausap ito sa telepono ay malungkot ang boses nito. “Mabuti naman ako. I’m still beautiful. Ikaw? Kayo? Kamusta ang tour ninyo diyan?”

“Mabuti naman din. Madaming nagpunta, madaming nagpa-autograph sa amin. And I think this tour will be successful.” Halatang masaya ito sa career at napipintong pagsikat.

“Siyempre naman, ano! Magaling yata kayo.” Cuatro’s band was extraordinary, theirs were mixed of ethnic and a bit of rock music. Magaling ang pagkakasama at lapat ng mga kanta ng mga ito. Maging ang timbre ng boses ng nobyo ay kakaiba. Malamig na malambing iyon. Sinabi nitong siya raw ang inspirasyon nito para makalikha ng musika.

Gustuhin man niyang maging flattered ay natatakot siya. Gusto kasi niyang gawin iyon ng katipan para sa sarili. Ramdam niya ang lungkot nito nang una silang magkausap sa chatroom at maging sa telepono. At ayon pa sa kanyang nalaman kay Tres ay ganoon na dati ang personalidad ni Cuatro, masayahin at punung-puno ng buhay. Nabago lang



iyon nang mamatay ang nobya nito sa edad na beintetres.

Narinig niya ang paghalakhak nito sa kabilang linya. Natuwa siya. “Thank you for being our number one fan as always. So kamusta si Kuya Uno?”

“Okay naman siya.” Nang mabanggit nito ang kanyang boss ay naalala niya ang inutos nito. “Ay, anak ng palaka! Nagpapatimpla nga pala ang kuya mo ng kape. Tatawagan na lang ulit kita, Cuatro. Alam mo naman ang kuya mo, baka mag-evolve siya sa pagiging matinding dragon.”

Muli itong natawa. “Okay, sige, ’bye. I’ll see you soon, Hannah!”

Iyon lang at pinutol na nito ang pag-uusap nila. Ganoon lang talaga sila ni Cuatro, parang berks lang, barkada. Malakas ang kutob niyang hindi pagmamahal bilang nobya talaga ang turing nito sa kanya kundi isang malapit na kaibigan. Malungkot lang ito at tanging siya ang nakapagpabalik ng dati nitong saya. At siya naman ay sobra-sobra ang pasasalamat at utang-na-loob sa binata.

Tinungo niya ang lagayan ng coffeemaker at nagsalin sa tasa. Nilagyan niya iyon ng kaunting asukal ayon sa timplang gusto ni Uno. Pagkatapos

ay matiyagang hinalo iyon nang buong pagmamahal.

*Err, buong pagmamahal?*

---

Mula sa one-way mirror ay malayang napagmamasdan ni Uno si Hannah. Ang bawat paggalaw nito, ang pagngiti, ang pagkatulala at ang pagsimangot. Naaaliw siyang panoorin ang samu't saring emosyong nagdadaan sa magandang mukha nito. Kanina nang iabot nito ang resignation letter sa kanya ay kinabahan din siya, ang buong akala niya ay hindi niya ito mapipilit na huwag umalis. Nilukob ng takot ang kanyang dibdib sa isiping aalis ang babae.

Una niya itong nakita sa airport, noong araw na sunduin ito ni Cuatro. Wala talaga siyang balak sundan ang bunso nila kung hindi lang sa pagpupumilit ng ina niya. Nitong nakaraang mga buwan ay naging kapansin-pansin ang pagbalik ng dating sigla ni Cuatro. Simula kasi nang mamatay ang nobya nito sa sakit ay naging malungkutin ito, ni ngiti ay pilit. At ang tanging libangan nito ay ang Internet, doon nito nakilala si Hannah. Naging chatmates ang dalawa and before they knew it, mag-boyfriend na ang mga ito.

Binalaan niya ang kapatid dahil marami na ang

naloloko ng mga babae sa Internet at ayaw niyang maging biktima ito noon. Lalo pa nga't nalaman niyang twenty-six years old na ang babae. Who the hell in their sane mind ang papatol sa online dating kung matino itong babae?

Ngunit nag-iba ang direksyon ng puso niya nang makita ang nobya ng kapatid. Kapansin-pansin kaagad ang naiibang ganda nito. Mahaba ang buhok nito at tuwid na tuwid. It matched her chinky eyes and small nose and most of all, her delicate lips. Pakiramdam niya ay binibiro siya ng kanyang nararamdaman. Sa unang pagkakataon ay dama niya ang pagtibok ng kanyang puso, pero alam niyang hangga't maaari ay kailangan niyang sikilin ang nararamdaman. Hindi iyon tama, at ayaw niyang makitang muling malungkot si Cuatro.

Nakita niya na may kinausap ang dalaga sa telepono bago bumaling sa tabi ng coffeemaker. And he was not really a coffee drinker, pero nang pumasok ito sa kanya bilang sekretarya ay natuto siyang lumaklak ng kape. The caffeine helped him to calm his nerves, isama pa ang magandang serbidora nito. Definitely the opposite side effect of caffeine.

Hawak nito ang platito na may tasa ng kape sa kanang kamay, ipit sa kili-kili ang isang folder at ang

isang kamay naman ay sa isang plastic na may tatak na *LBC*. Napailing siya.

Siya na ang kusang nagbukas ng pinto para rito. Bakas sa mukha nito ang pagkagulat nang makita siya.

“Bakit hindi mo isa-isahin ang mga iyan nang hindi ka nahihirapan?” sermon niya sa dalaga. Ngayon siya naniniwalang puwedeng gawing defense mechanism ang pagsusungit para pagtakpan ang tunay na nararamdaman.

“Eh, kasi po kapag may nakalimutan ako, magbubuga ka ng apoy. Mahirap pa naman ang tubig ngayon. May water shortage.”

Kinuha niya ang kape at folder dito. “What is that?”

Nagkibit-balikat ang sekretarya. “Hindi ko alam. Dumating ito kahapon, nakalimutan kong ilapag sa table mo. Pero bago mo ako pagalitan kung bakit ngayon ko lang nadala ito, magpapaliwanag na ako.”

Pinigil niyang mapangiti sa tuluy-tuloy na pagsasalita nito. Itinaas pa nito ang kamay para pigilan siguro siyang magsalita. Hyper talaga ito kahit kailan, ilang beses na niyang napapansin na hindi ito komportable ng iisa ang ginagawa at

nakaupo lamang. Kinakailangang tatayo ito sa loob ng kalahating oras at may gagawing iba.

“Una, marami kang idinikta sa akin kahapon plus madami kang pina-transcribe na minutes ng meeting ninyo which I needed to condensed down into summary. Hindi madaling magpaiksi ng napakahaba ninyong meeting. May ipinahanap ka pang documents na panahon pa yata ni Mahoma, kaya natagalan ako sa paghahanap. Dahil sa dami kong ginawa kaya nawala na ’yan sa isip ko.” Tumahimik ito at sumeryoso. “Sorry.”

Hindi siya nagsalita at tiningnan lang ang envelope. Then he looked again at Hannah’s beautiful face. Kagat-kagat nito ang pang-ibabang labi at ang cute nitong tingnan sa mannerism na iyon. Pinilit niyang huwag mapangiti.

“O, game na. Pagalitan mo na ako.” Ikinibit pa nito ang balikat at parang sinasabing gawin na niya ang kahit na anong gusto niyang gawin dito.

Tumalikod si Uno at kunwa’y hinimas ang sentido, subalit hindi na niya talaga mapigil ang pagngiti. Sa munting paraan ay napapangiti siya nito. And he wondered how Hannah did it.

“Sige na, lumabas ka na. Kailangan ko ang

mga letters na sinasabi mo ngayon. Ikaw lang ang sekretaryang sagot nang sagot sa boss niya.”

May ilang minutong pinakiramdaman niya kung aalis ito. Narinig niyang bumuntong-hininga ito bago lumabas ng pinto. Nang makaalis ang sekretarya ay binalingan niya ang folder na matagal nang naroroon. Ang kasagutan sa huling tanong niya ay naroroon sa folder na iyon. Hannah was not a simple secretary nor a simple person. Isa itong heiress ng isang business tycoon ng Cebu.

“You really have guts, Hannah,” malakas na sabi niya sa larawan ng dalaga. Kasama iyon sa nakuha ng inupahan niyang detective nang mag-imbestiga sa dalaga.

Ayon sa hawak niyang resulta ng imbestigasyon dito ay stowaway si Hannah, galing ito sa Cebu at ang ginagamit nitong pangalan ay hindi ang tunay nitong pangalan. Her resumé stated a Hannah Ogerio only, parents were deceased kaya mag-isa lang itong namumuhay. Kaya naman pala hanggang ngayon ay hindi ito makapagbigay ng kahit anong credentials at requirements sa HR nila.

Hannah’s real name was Hannah Alinette Laxamana, the heiress of the Laxamana clan of Cebu. Ang ipinagtataka lang niya ay kung bakit ito umalis

ng probinsya at piniling mamuhay mag-isa sa Manila gayong kung tutuusin ay buhay-prinsesa ito roon. Pero sa isang banda ng utak niya ay relief. Relief dahil hindi naman pala masamang tao ang dalaga. Lihim na lihim ang ginawa niyang pagpapaimbestiga rito dahil tiyak na pag nalaman iyon ni Cuatro ay mag-aaway sila.

Pagkabasa muli niyon ay kinuha niya ang cellphone at nag-dial doon. May ilang sandali pa bago iyon nasagot.

“Good morning, Mr. Laxamana...”

## 2

Halatang aligaga ang mga tao sa loob ng *Yakobovitch Building*, doon nakasentro ang opisina ng pamilya Yakobovitch, kanina pa kasi mainit ang ulo ni Uno kaya halos lahat ay ilag dito. Sabagay, laging taranta ang mga tao roon kapag ang binata na ang dumadating.

Nakangalumbaba lang si Hannah habang patamad na binabasa ang ilang folders na nasa harap niya. Mass Communications graduate siya kaya sa palagay niya, kahit anong titig niya sa mga numero sa papel na iyon ay hindi niya iyon maiintindihan. Aminado siyang mahina siya sa mga numero at talagang nahihilo siya sa mga kung ano-anong figures ang mayroon doon.

Sa buong buhay niya ay hindi niya pinangarap na makulong sa apat na sulok ng opisina. She always dreamt of being in a production work noong college days niya. Gusto niya iyong palaging gumagalaw dahil active ang mga cells niya sa katawan. Kaya nga hindi siya masisi ng mga magulang kung bakit wala siyang hilig humawak ng negosyo. Hinayaan siya ng mga ito na gawin ang gusto niya, nahilig



siyang magpinta at kumuha ng larawan. She was a professional when it came to photography.

Malungkot na napangiti siya. Kung hindi lang siya pipilitin ng kanyang mga magulang na magpakasal sa kung sinong Poncio Pilato ay hinding-hindi niya iiwan ang Cebu. Alam niyang ginagawa lang iyon ng mga ito para sa kapakanan niya, kaya lamang ay hindi pa rin niya makuha ang logic na ipakasal siya sa lalaking hindi niya mahal at ni hindi pa niya nakikita ni anino sa tanang existence niya. Hindi ba naiisip ng mag-asawa na maaaring kung ano ang gawin ng lalaking iyon sa kanya oras na makasal sila?

“Good morning, Hannah! Nand’yan si Kuya Uno?” tanong sa kanya ng bagong dating, si Dos. Ito ang namamahala sa *Ryabinov Multi-Media*. At may meeting ang mga ito tungkol sa gagawing music video ng banda ni Cuatro.

“Obvious ba? Alam mo namang pag nandito ang isang iyon ay nagkakaroon ng delubyo. Napakasungit,” sagot niya.

Tumawa lang ang lalaki. Maging ito ay sanay na sa kapatid. “Hindi ka na nasanay.”

“Naku, sanay na sanay na kaya ako. You see this.” Itinuro niya ang fire extinguisher na katabi. “Kaya nga

lagi kong katabi ito para kapag nagbubuga ng apoy ang kuya mo, may pang-apula na ako.”

Tumawa ito pagkatapos ay matamang pinagmasdan siya. “Pero alam mo, ikaw lang ang sekretaryang tumagal kay Kuya Uno. And I wonder how that happens.”

Ngumisi siya. “I’m one in a million, that’s why.”

“Hindi iyon ang nakikita ko. Kung hindi mo lang boyfriend si Cuatro, sasabihin kong bagay kayo. A lion and a tamer. Sayang.”

Siya naman ay natigilan sa sinabi nito. Maging ang nag-iisa niyang kaibigang tinuluyan niya ay matagal nang sinasabing walang nakikitang spark o kilig sa pagitan nila ng nobyo. Ayon sa mga ito ay mas bagay pa sila ng masungit na si Uno.

“Hannah, kapag nag-break kayo ni Cuatro, ligawan mo na lang si Kuya Uno. Susuportahan ka namin ni Tres. Not that Cuatro is a bad catch but you and Kuya Uno are—”

Pabirong hinampas niya ang balikat nito bago pa man matapos ang sasabihin. “Baliw! Sige na, pumasok ka na sa loob bago pa magwala nang tuluyan ang kuya mo. Late kayo...” aniya na inangat ang braso na may relo, “ng ten minutes. Hindi ka pa

ba natatakot?”

Kitang-kita niya ang pagngiwi nito. She chuckled. “Patay. Ako pa lang ba?”

“Oo. Kaya mabuti pa—” Bago pa natapos ang sasabihin niya ay tumunog na ang intercom sa tapat nila ni Dos. Wala sa loob na napasimangot siya.

“Hannah, let Dos in. Hindi iyang nagchichismisan kayo diyan. Sayang ang oras,” masungit pa sa dilang masungit na sita nito.

Itinuro niya kay Dos ang pinto. “O, narinig mo ang sinabi ng kuya mo. Pumasok ka na daw.” Bago pa makalayo ay tinapik na niya ang balikat nito. “Good luck, Dos. Sigaw ka na lang ng saklolo kapag lalapain ka na.”

Muli itong ngumiti nang nakakaloko sa kanya bago ngumiti nang makahulugan. “I really wish you weren’t Cuatro’s girl.”

*Me too. Ay, mali ulit! Ano ba ’yan?* “Si Dos kasi. May tama yata ang magkakapatid na ito, inirereto pa ako kung kani-kanino,” malakas na sisi niya sa kapapasok lang na binata. Sa pagbukas ng pinto ng opisina ni Uno ay bahagyang nasulyapan niya ang binata. Kunot ang noo nitong nakatingin sa kanya. She just smiled and waved at him na ikinagulat nito.

*O, loko. Naakit ka ng charm ko, ano!*

Wala pang sampung minuto ay kasunod na ni Dos ang dalawa pang kapatid, sina Tres at Cuatro. Nakangiti na kaagad ang nobyo pagkakita sa kanya. Nahawa na rin siya sa paraan ng pagngiti nito.

“Yosh, Hannah!” paunang bati ni Tres. Fan ito ng Japanese culture. Kaya nga kahit anu-anong convention na may kinalaman sa Japan ay pinapatulan nito. He was simply genius, pero sa pagkakaalam niya ay ito rin ang tipo ng taong ayaw makulong sa loob ng opisina.

“Hannah!” sigaw ni Cuatro na tila ba napakalayo niya. Niyakap siya nito. Pilit niyang pinakiramdaman ang sarilli kung may mararamdamang kakaiba sa pagdidikit nila. Pero nabigo siya. Neutral, *nada* as in nothing. Gumanti siya ng yakap dito. Ganoon lang sila kapag nagkikita, ito ang nauunang yumayakap. Nagtataka na nga rin siya dahil hindi ito nagde-demand ng halik sa kanya. Hanggang halik sa pisngi lang ito. Their relationship was a bit weird. “Miss you.”

Ngumiti siya. “Me too. Kamusta ang tour and the band?”

“It was great. Sabi ko naman sa ’yo dapat sumama

ka na sa amin.”

“Para ano? Gawing alalay mo?” sabat ni Tres. Sa apat ay ito ang vocal sa pagsasabing hindi sila bagay ni Cuatro at pinakabrutal magsalita sa mga ito. At sa kung anong kadahilanan ay hindi siya nasasaktan kapag sinasabi nito iyon. Natatawa lang siya. Kung hindi nga lang sana siya ang makakarinig dito ay tiyak na iiyak sa anhang ng mga comments nito. Dapat na nga yatang ipakonsulta ang utak niya, may diperensya yata ang mga senses niya.

“Bakit ko naman gagawing alalay ang girlfriend ko? Siyempre para moral support.”

“Sus! Pa-moral-moral support ka pa diyan, mang-aalipin ka lang gumagawa ka pa ng dahilan,” muling biro ni Tres.

Naiiling na sinaway niya ang mga ito. “Tigilan na ninyo ’yan. Ang mabuti pa, pumasok na kayo sa loob. Nasa alert level ang bulkan at baka kayo ang mag-trigger para sumabog iyon. You’re both late less than half hour na. Hindi pa ba kayo natatakot?”

Kagaya ng reaksiyon ni Dos ay sabay na napangiwi ang dalawa. Malakas na napatawa siya. Kakaiba talaga ang nagagawa ng takot kay Uno, napapapangit ang mga guwapong nilalang. At kagaya kanina, bago

pa muling humirit ay tumunog na ang intercom niya. Iba talaga ang cue nila, instant.

“Itigil n’yo na ang chismisan. Papasukin mo na ang dalawa.”

“Good luck, boys.” Iyon lang at muli na siyang naiwang nakatunganga sa mga numerong tinititigan. Nang mapagod ay ibinaba na niya iyon. Dahil nagawa na niya ang mga dapat gawin ay kinuha niya ang isang blangkong papel at nagsimulang gumuhit. Sketching always had a way to make her smile.

---

Napatiim-bagang si Uno nang makitang pinaliligiran ng mga kapatid niya si Hannah. At ang huli naman ay masayang nakikipagbiruan at nakikipag-usap sa mga ito. Kaya hindi niya napigilan ang sarili at masungit na pinapasok kaagad ang mga ito. He couldn’t help but feel jealous when it came to Hannah.

Nang makapasok sina Tres at Cuatro ay kaagad niyang binalingan ang mga ito. Si Dos ang napagdidiskitahan ng mga ito dahil sa pinagbigyan nito ng golden calling card. At nangungunang pasimuno niyon ay si Cuatro. Ito kasi ang nagkalat ng gold calling card nila na ayon dito ay ibibigay

lang nila iyon sa babaeng makakabihag ng puso niya. At kung bakit calling card na ang personal nilang numero ang nakalagay roon ay para ipahayag na ang babae lang ang maaari nilang pakinggan. Ang pakinggan ng puso nila. It was corny he knew but somewhat itinabi pa rin niya iyon. And that made him wonder if Hannah had Cuatro's golden calling card.

Tumikhim siya nang makitang nagsisimula nang mamula si Dos. "Let's get down to business. Mamaya n'yo na ituloy iyan, pare-pareho na nga kayong mga late."

"Hindi kami late, masyado ka lang maaga, Kuya Uno. Palibhasa hindi ka na umaalis ng opisina mo," katuwiran ni Tres.

Nagkibit-balikat naman si Cuatro. "Galing ako sa tour. Excuse ko na iyon."

Lahat sila ay binalingan si Dos na walang maisagot na dahilan kung bakit ito late. "What? Hindi naman ako ang sobrang late, ah. Bakit ako ang ginigisa ninyo? At saka, Kuya Uno, meeting na agad ni hindi mo man lang kami pagkakapehin." At bago niya ito napigil ay napindot na nito ang intercom niya at humingi ng kape kay Hannah para sa kanilang apat na magkakapatid.

“Don’t do that again. Hindi coffee shop ang opisina ko,” babala niya. Actually, trabaho talaga dapat iyon ni Hannah. Ayaw lang niya itong utusan sa takot na muli itong mabuhusan ng mainit na kape. Nang minsang magtimpla ito ng kape para sa pang-apat ding tao ay namaling tumapon iyon sa dalaga dahil hindi nito iyon naibalanse nang maayos. At ayaw niyang maulit iyon. He was scared with Hannah’s expression, parang itong iiyak na hindi. At alam niyang nagtatapang-tapangan lang ito na huwag umiyak sa harap niya.

Ilang sandali pa ay nakita niya mula sa one-way mirror na inangat ni Hannah ang tray na kilalagyan ng apat na tasa ng kape. Wala sa loob na inunahan na niya si Cuatro para pagbuksan ito ng pinto. Ingat na ingat ito sa pagdadala ng kape, halatang ayaw na muling mangyari ang insidenteng mabuhusan muli ng mainit na kape. Kinuha niya ang tray mula sa dalaga at inilapag sa mesa niya.

“O, Dos, magpakalunod ka na sa kape.”

“You need anything pa?” nakangiting tanong ni Hannah sa lahat. Iyon ang isa sa mga bagay na hinangaan niya rito. Kahit yata anong sigaw niya rito, bumilang lang ito ng ilang minuto ay muli na itong ngingiti.



“Wala na. You can leave.”

“Okay.” Nawala na ito sa paningin nilang lahat.

Nakita niya ang pilyong pagngiti ni Dos habang umiinom ng kape. Nagkatinginan pa nga ito at si Tres. And knowing Tres, alam na niya ang tumatakbo sa isipan nito. Si Cuatro naman ay nakita niyang ngitingngiti na nakatingin sa kasasara lang na pinto.

“Kuya, hindi ba natin kailangan si Hannah dito sa loob?” kunwa’y inosenteng tanong ni Tres. “Walang magsusulat ng minutes ng meeting natin.”

“Huwag mong sabihing mahina na ang memorya mo at kailangan ko pang ulit-ulitin ang mga sasabihin at pag-uusapan natin ngayon. Isa pa, this is about Cuatro’s upcoming music video,” panimula niya. Noong una ay siya ang numero unong tutol sa pagbabanda ng bunsong kapatid. Pero nakita nilang lahat ang husay nito at kung paanong napapaligaya ito ng musika. Kaya naman buo na ang suporta ng pamilya para kay Cuatro, sa katunayan ay siya ang tumatayong manager ng mga ito. Binalingan niya si Dos. “May nahanap ka na bang venue? Ang *Ryabinov* ang hahawak sa shooting ng music video niya. At, Tres, ikaw sa technical aspect. Cuatro, ano’ng naiisip mong concept para sa video?” sunud-sunod na tanong niya sa mga ito.

Mukhang handa ang mga ito sa mga tanong niya. Iyon ang bagay na maipagmamalaki nilang lahat. Kapag business ay business at kapag tapos na ang business ay balik na ulit ang mga ito sa pagiging makulit at maharot. Nang matapos ang meeting ay kani-kanyang tayo ang mga ito. Then Cuatro turned to him.

“Kuya, can I make request?”

Wala sa loob na napangiti siya sa hirit nito. It was a flash smile. “Ano iyon, Mr. DJ?” pormal ang tinig na tanong niya.

Pagkarinig sa sinabi niya ay nagmamadaling bumalik sina Dos at Tres sa direksyon nila. Titig na titig ang mga ito sa kanya na parang nakakita ng alien ang mga ito.

“Kuya Uno, joke ba ’yon? As in nagbiro ka?” hindi pa rin makapaniwalang tanong ni Dos.

Sumeryoso siya. Minsan na nga lang siya humirit, mukhang siya pa ang magiging isang malaking biro. “No, it wasn’t. So what do you want, Cuatro?” Pinili na lang niyang i-rephrase ang tanong.

Napakamot ng ulo si Tres. “False alarm lang pala. Akala ko natuto na ng joke si Kuya, hindi pa pala. Pero, in fairness, ngumingiti na siya.”

“Get out! Both of you!” aniya sa dumadagundong na boses. Kahit kailan talaga ay mapang-asar ang mga ito. At siya ay dakilang pikon. Buti na lang at nadadaan niya sa pagiging panganay ang mga ito. “Now, Cuatro...”

“P’wede bang sumama si Hannah sa shooting ng video ko?” Nakikiusap ang tinig nito. At hindi puwedeng hindi niya iyon pahindian. Wala sa loob na napatango na lang siya. Wala siyang karapatang pigilan ang dalaga, mas higit na may karapatan dito si Cuatro kahit may kirot sa dibdib niya.

# 3

Napasulyap si Uno sa kanyang wristwatch nang makitang bakante ang mesa ng sekretarya. Sakto alas nueve na at bihira itong ma-late. Ni minsan ay hindi pa niya ito naunahan sa pagpasok, bagay na hindi niya maipipintas sa dalaga. Dere-derechong pumasok siya sa loob ng opisina. Mabilis na kinuha niya ang cellphone at nag-dial sa numero ni Hannah. Nakailang ring pa iyon bago nito sinagot.

“Hello.” Base sa boses nito ay tila naistorbo ito sa pagtulog. Uminit kaagad ang ulo niya. How can she be sleeping when there was load of work to do?

“You’re late,” banat niya.

“I’m not going to work today. Nagsabi na ako sa HR, may sakit ako. Saka nag-text ako sa ’yo, hindi mo ba nabasa?”

Napakunot ang noo niya. Hindi siya sanay magbasa ng text message, kaya nga siya nagpalinya ay para tawag na lang siya nang tawag. “Bakit sa kanila ka nagsabi, ako naman ang superior mo?”

Narinig niya ang marahas nitong pagbuntong-hininga sa kabilang linya. “Nag-text nga ako, hindi

ba? Saka baka pilitin mo akong pumasok. Slave driver ka kaya. Papasok ako bukas, promise. Hindi ko lang talaga kaya ngayon,” anito sa humihinang tinig.

Pagdating talaga kay Hannah ay lumalambot ang bato niyang puso. May paraan ito para mabasag ang pader na inihaharang niya sa pagitan nila. At base nga sa boses nito ay may dinaramdam ito. He started to become worried.

“Okay, magpahinga ka na lang muna ngayon.” Iyon lang ang tangi niyang nasabi. Hindi ito sumagot at mabilis na nawala sa kabilang linya. He suddenly missed her coffee. Kahit na masungit siya rito ay hindi nito nakakalimutang dalhan siya ng kape sa umaga pagdating niya. And for two days, he missed her angelic face. Iyon ang ayaw niya kaya ayaw niyang dumadaan ang Sabado at Linggo.

Distracted siya. Hindi siya makaalis-alis sa isang page ng binabasang business proposal. Maya’t maya ang ginagawa niyang pagsulyap sa one-way mirror patungo sa mesa ng dalaga.

*Damn! I miss her.*

Kung may sakit ito, ibig sabihin ay walang nag-aasikaso rito. Sa pagkakaalam niya ay mag-isa itong tumitira sa apartment nito. Si Cuatro naman ay nasa

Iloilo muli para sa isang linggong tour doon. Bahagi iyon ng pagpo-promote nito ng ilalabas na album.

He picked up the line and dialled the HR's number upang hingin ang address ni Hannah. Nang makuha iyon ay mabilis siyang lumabas ng opisina at tinungo ang sasakyan. Wala ring silbi na tumigil siya sa loob ng opisina. Duda siyang may matatapos siya habang nasa isip ang kalagayan ng dalaga.

---

“Go away,” MAHINANG SAWAY ni Hannah sa ingay ng doorbell. May ilang ulit na yatang nag-iingay iyon, pero hindi pa rin siya natitinag sa pagkakahiga sa kanyang sofa bed. Masama talaga ang pakiramdam niya. Nang nagdaang araw ay pananakit lang ng tiyan ang nararamdaman niya, ngayon ay hindi siya makakain nang maayos dahil inilalabas lang niya muli iyon. Kung hindi siya umiinom ng tubig ay made-dehydrate na siya. Pero maging ang tubig ay inilalabas na rin ng tiyan niya.

Tila hindi pa nakuntento sa pagdo-doorbell ang bisita niya at sinamahan pa iyon ng pagkatok. She heard someone caling out her name. Sa nanghihinang katawan ay tila naririnig niya ang malakas na boses ni Uno.

“Pati ba naman sa pagdedeliryo ko, ang masungit pa din na iyon ang naririnig ko. Uno na naman!” malakas na pangangaral niya sa sarili. Napasimangot siya, sabay pikit ng mga mata. Kapag matagal siyang nakadilat ay nahihilo siya.

“Hannah!” muling sigaw ng tinig.

*It's really Uno's voice.* Napamulat siya at muling pinakinggan ang pagtawag. Naulit ang pagtawag sa kanyang pangalan nang mas malakas kaysa sa una. Nagpasya na siyang tumayo at pagbuksan ito. Standing in front of her was no other than Uno. Nakataas pa ang isang kamay nito na akmang kakatok muli. Sumasama sa hangin ang manly scent nito. Sa kabila ng nararamdaman ay gumuhit ang ngiti sa kanyang labi.

“Boss Uno, ano'ng ginagawa mo dito?”

Kitang-kitang niya ang pagkunot ng noo nito. Sinuyod siya nito ng tingin mula ulo hanggang paa. And she knew that she looked worst. Ang buhok niya ay magulo. And she was wearing a batik t-shirt and cut-off cream shorts. Ni hindi na nga niya nakuhang magsepilyo at maligo nang mga panahong masama ang pakiramdam niya. Tumaas ang kamay nito para salatin ang leeg niya bago pa siya makaiwas.

“Sabi mo may sakit ka.”

Sa biglang pag-iwas ay naramdaman niya ang muling pagsigid ng pagkahilo. Wala sa loob na napahawak siya sa doorknob. “Meron nga. Pero mawawala na din ito mayamaya kaya makakapasok na ako bukas.” *Sana.*

“Wala ka namang lagnat, but you look awful. Ano’ng nararamdaman mo?”

“I just—” Ramdam niya ang panunubig ng kanyang bibig, hudyat na nais na namang maglabas ng nasa sikmura niya. Naipagpasalamat na lang niya na maliit lang ang apartment na tinutuluyan, malapit lang ang lababo. At dahil wala pa siyang kinakain simula nang nakaraang gabi ay wala rin siyang mailabas kundi tubig.

Ramdam niya ang paghagod ni Uno sa kanyang likod. Kahit paano ay gumaan ang pakiramdam niya sa ginawa nito. Nanghihinang napasandal siya sa malapad nitong dibdib dahil kung hindi ay babagsak siya. Tila nauunawaan naman nitong talagang nanghihina na siya, inalalayan siya nito pabalik sa sofa bed.

Pumikit siya nang muling maramdaman ang paglapat ng likod sa higaan.



“Hannah...” buong suyong tawag nito sa pangalan niya. Iyon ang unang pagkakataong narinig niyang tinawag siya nito nang hindi gamit ang malakas na tinig o pagsusungit.

“Bakit?” sagot niyang hindi nagmumulat.

“Ano’ng nararamdaman mo?”

“Dizzy and awful.”

Naramdaman niyang tumayo ito.

“Here, drink this.” Muli ay inilalayan siya nitong maupo at ito pa ang nagpainom sa kanya. “Kumain ka na ba?”

Umiling lang siya. Ayaw na niyang mag-attempt na kumain dahil mas lalo lang siyang nahihirapan, inilalabas lang muli niya ang lahat ng kinakain. Palagian lang ang inom niya ng tubig para huwag siyang ma-dehydrate.

“Paano ka gagaling niyan hindi ka pala kumakain?” panenermon nito. Napasimangot siya. May sakit na nga siya ay nagsusungit pa rin ito. “Stay here, I’ll just fix something for you.”

Mabilis na muling nawala ito. Nakita niyang binuksan nito ang cupboard at ang refrigerator. Napangiwi siya. Walang makikitang kahit ano roon

ang binata kundi ang walang kamatayang instant na pagkain at noodles. Kadalasan kasi ay sa labas na lang siya kumakain o kaya ay mga lutong pagkain na lang ang kanyang binibili at tinitira.

“Kaya ka nagkakasakit kasi puro instant ang laman ng bahay mo. Walang sustansyang nakukuha sa pagkain ng instant. How can you survive living like this?”

*Wala akong choice*, gusto sana niyang isagot dito, pero pinili niyang tumahimik na lang. Wala talaga siyang alam sa pagluluto. Basic lang ang alam niya pagdating sa mga gawaing-bahay. Tanging lakas lang ng loob ang baon niya para magsarili at tumayo sa sarili niyang paa. Kung nasa piling lang siya ng kanyang mga magulang, malamang ay kanina pa nasa tabi niya ang kanyang mommy. Bigla siyang nalungkot. Mahal niya ang mga ito at alam niyang ganoon din ang dalawa sa kanya. But she couldn't live the rest of her life tied with a man she didn't love.

“Huwag mo na akong pagalitan. may sakit na nga ako, eh,” aniya sa mahinang tinig. Emosyonal siya kapag may-sakit, kaunting bagay lang ay naiiyak na siya. Kagaya ngayon, nagsisimula nang manubig ang mga mata niya.

“Sorry.” Ramdam niya ang sinseridad sa tinig

nito. With a high and mighty like Uno, bihirang marinig ang salitang ‘sorry’.

Naramdaman niya ang paghapit nito sa kanya at bahagyang pagyakap nito. Kahit paano ay naibsan ang lungkot na lumukob sa kanya kasabay ng pagtalon ng kanyang puso sa pagkakalapit nila.

“Lalabas lang ako sandali. Babalik ako agad,” he said with a promise in his voice. And with a swift move, nakuha nitong kintalan siya ng halik sa noo.

It was a tender and loving kiss. Minsan na rin siyang dinampian ng halik ni Cuatro, pero iba ang epekto ng halik ni Uno sa kanya. She felt her heart leap. Ngunit kasabay niyon ay ang paghawi niya rito at mabilis na tumakbo patungo sa lababo. Then she heard him curse while again caressing her back.

---

Pasulyap-sulyap si Uno kay Hannah habang hinahalo ang niluluto niyang lugaw. Buti na lang at malapit ang grocery store sa tinutuluyan nito. Mabilisan siyang namili ng kailangan para makaluto kaagad. He couldn’t imagine how Hannah could survive her life in the place. Siguradong ibayong pagtitiis ang ginagawa nito lalo pa nga’t alam niyang galing ito sa mayamang angkan. Salat sa yaman ang

apartment nito, tanging sofa bed, 14-inch TV at isang katamtamang laki na bookshelf ang nasa sala nito. Ang kusina nito ay halatang hindi nagagalaw. At tanging kaldero lamang ang naroroon na duda siya kung nagamit na nito kahit minsan.

Nang makita niya ito kanina ay parang dinaklot ng malaking kamay ang puso niya. Higit lalo nang magsuka ang babae, putlang-putla ito at nanlalamig. Gusto na niyang itakbo ito sa ospital dangan nga lamang at ayaw pumayag ng dalaga. Nagagalit ito sa tuwing mababanggit ang ospital.

Ayaw man niya ay maingat niyang ginising si Hannah.

Nagmulat ito bagaman bakas pa rin ang panghihina sa kilos. Hindi siya sanay na makita ito nang ganoon. He always saw her as a strong woman. Ito lang ang tanging nakakatagal sa topak niya.

“What’s that?”

“Lugaw lang ito. Baka mabigla ang tiyan mo kapag solid food agad ang kinain mo.”

“I don’t want to eat,” umiiling na tanggi nito.

“Kailangan mong kumain kahit konti lang. Kapag hindi ka kumain, dadalhin kita sa ospital sa ayaw

mo at sa gusto.” Alam niyang kung hindi niya ito tatakutin ay hindi talaga ito kakain. He called Cuatro at sinabi ang kalagayan ng nobya nito. Hindi naman nito maaaring iwan ang tour, kaya ibinilin na lang sa kanya ang dalaga. Which he gladly obliged.

Tumalima si Hannah at kinuha ang kutsara. Nanginginig ang kamay nito, kaya minabuti niyang siya na ang magsubo rito. Matapos ang sampung subo ay umiling na ito. Hindi na siya nagpumilit pa. Ang mahalaga ay kumain ito kahit paano. Matapos painumin ng tubig ay humiga muli ito.

“You can leave now, Boss. Okay na ako mayamaya,” muling pagtataboy nito sa kanya.

“Kanina mo pa sinasabing magiging okay ka, pero maya’t maya pa rin ang pagsugod mo sa lababo. Tingnan mo nga hanggang ngayon hindi ka pa rin makadilat nang maayos. Ganyan ba ang magiging okay?” Napabuga siya ng hangin. “How do you feel?”

“Still not good.” Suminghot pa ito. Napamura siya nang makita ang pagtulo ng luha mula sa mga mata nito. Kung puwede lang na akuin ang sakit nito ay kanina pa niya ginawa.

“That’s why I don’t have a heart to leave you. Alin ang masakit?”

Itinuro nito ang dibdib at ang gawing tiyan. “Ayoko naman na nang magsuka, but I can’t help it.”

“May ulcer ka ba?” Umiling ito. “God, Hannah! We should go to the hospital now.”

Muli ay nakita niya ang pag-flash ng takot sa mukha nito sa pagkabanggit ng ospital. Halos maputol ang ulo nito sa pag-iling. “I don’t like hospitals.”

“Sino ba’ng may gusto sa ospital, ha? Pero kapag nagsusuka ka pa din hanggang mamaya, sa ayaw mo at sa gusto ay dadalhin kita sa ospital.”

“I’ll sue you.” Kahit may sakit na at lahat ay humihirit pa rin ito sa kanya.

Napangiti siya. “Mayaman ako. Kayang-kaya kitang labanan sa korte. Ikaw, mayaman ka ba?”

Natahimik ito at biglang nalungkot. Alam niya ang sagot sa sariling tanong, gusto lang niyang paaminin ang dalaga.

“Kita mo na. At saka kailan pa may nagdemanda dahil lang sa dinala ang may-sakit sa ospital?”

Kita niya ang pagsimangot nito. “Ngayon lang. Pauusuhin ko.”

He just laughed at her. Hannah never ceased to

amaze him. Parang gulat na gulat namang tinitigan siya nito. Kagaya ng ginawang pagtitig sa kanya ng mga kapatid nang humirit siya ng pagbibiro. Ngunit nahalinhan din ng isang matamis na ngiti ang pagtataka nito.

“Alam mo dapat ngumiti ka nang mas madalas. Hindi naman nakakabawas ng kayamanan mo ang pagngiti. Hindi ka ba napapagod kapag lagi kang masungit? Plus smiling is a form of an exercise.”

Bumalik siya sa pagiging seryoso. “Para naman akong baliw kung lagi akong nakangiti. And there’s no reason for me to smile.”

“Of course not. Hindi pa ba sapat na rason na may panibagong buhay na binibigay si Lord sa ’yo araw-araw? That there’s everything and everyone to love you kahit na ubod ka ng sungit? Hindi pa ba sapat na may maganda kang assistant na araw-araw mong nakikita sa bawat pagpasok mo ng opisina?” she said smilingly.

He couldn’t help smiling back. Tama ito, ang presence lang nito ay sapat na para mapangiti siya. Sapat na ito para maging lakas niya. Kung naging tama lang sana ang lahat...

Sumeryoso ito. “Thank you for taking care of me,

Uno,” she said in her most sincere voice. Para iyong tinig na nanunuot sa kaibuturan ng puso niya at pilit na tinutunaw ang negatibong emosyon.

*Anything for you*, gusto sana niyang sabihin ngunit mas pinili niyang hawakan ang malambot nitong kamay at halikan iyon. It only made his heart beat like crazy and with her, he felt like everything would be okay. Ilang subo pa ng lugaw ay parang okay na ito. Ngunit nang akmang magsasalita ulit ang dalaga, bigla na lang siyang tinabig at nagmamadaling tinungo ang lababo.

“Okay, that’s it!” he snapped. Hindi na niya kaya pang tagalan ang sitwasyon nito. He scooped her up and hurried toward his car. Tumutol ito ngunit hindi niya ito pinakinggan.

He felt her hands against his. Tiningnan niya ito. And fear was written all over her face.

“Don’t leave me, Uno.” Parang batang nanghihingi ito ng assurance.

Tumango siya. Umangat ang kanang kamay niya para haplusin ang maamong mukha nito. “Hinding-hindi kita iiwan, pangako. Dito lang ako sa tabi mo.” *I’ll be here forever.*